OPERATION L!STO

Disaster Preparedness Program • Tsunami Edition •

*tamang paghahanda, tamang aksyon!*

# Technical Guide Notes
# Barangay Disaster Risk Reduction and Management Plan and Committee
# (Filipino)

Save the Children

**Barangay Disaster Risk Reduction and Management Plan and Committee**
**Technical Guide Notes**

## I. PANGUNAHING IMPORMASYON TUNGKOL SA BARANGAY:

Ang mga impormasyon na kakailanganin ay maaaring kopyahin sa Barangay Development Plan (BDP). Kasama sa mga kakailanganing impormasyon dito ay ang mga sumusunod:

A. Anyong pampisikal, pangkapaligiran at pangkalupaan ng Barangay
   a. Lokasyon at Hangganan
   b. Mga Anyong Lupa at Tubig
B. Mga impormasyon tungkol sa Populasyon at Pinamamahayan
   a. Populasyon ayon sa Kasarian
   b. Populasyon ayon sa Edad
   k. Bilang ng mga Bahay o Kabahayan ayon sa uri ng mga Materyales nito
   d. Bilang ng mga Bahay o Kabahayan ayon sa uri ng Pagmamay-ari
      Deskripsyon sa bawat kategorya:
      - May-ari (owned) - ang bahay at lupang kinatatayuan nito ay paga-ari ng nakatira.
      - Nangungupahan (rented) - ang bahay na tinitirhan ay paga-ari ng ibang tao at sila ay nagbabayad lamang sa paggamit nito kada buwan o depende sa napag-usapan ng magkabilang panig.
      - Nakikitira sa May-ari (shared with owner) - kasamang naninirahan ang may-ari ng
      - bahay, maaaring sila ay nagbabayad o libreng pinatitira.
      - Nakikihati sa Nangungupahan (shared with renter) - kasamang naninirahan ang nangungupahan sa bahay, at nakikihati o nagbibigay ng "share" sa upa ang isa o
      - mahigit pang pamilya o indibidwal na nangungupahan rin.
      - Pag-aari ang bahay, ngunit hindi sa kanila ang lupa/pinatira nang libre ng may-ari ng lupa (Rural communities: Farmers/Fisherfolks, Indigenous Peoples at iba pa) - ang bahay na tinitirhan ay pag-aari nila, ngunit ang lupang kinatatayuan nito ay paga-ari ng ibang tao.
      - Informal Settler Families (ISF) - ang bahay ay nakatayo sa isang lugar na walang pahintulot ng may-ari o illegal na nagpatayo ng bahay kahit ito ay pagmamay-ari na ng gobyerno o pribadong indibidwal.

K. Mga impormasyon tungkol sa Pangkabuhayan:
   a. Mga Pangunahing Hanapbuhay ng mga Tao sa Barangay
D. Mga Pangunahing Imprastraktura at Pasilidad sa Barangay
E. Mga Gusali at iba pang Imprastraktura sa Barangay
G. Mga Pangunahing Pasilidad at Serbisyo sa Barangay
H. Imbentaryo ng mga Institusyon, Sektor at iba pang mga Boluntaryong Grupo na nasa loob ng

   Barangay *(Kasama ang mga may kinalaman sa kapaligiran, kalusugan, at iba pa.)*
L. Imbentaryo ng Lakas Paggawa (Human Resources)

## II. BARANGAY DISASTER RISK REDUCTION AND MANAGEMENT COMMITTEE (BDRRMC)

### Ang Barangay Development Council (BDC):

Ang Barangay Development Council (BDC) na magsisilbing Local Disaster Risk Reduction and Management Council sa antas ng barangay ang magiging konseho kung saan direktang makikipag-ugnayan ang Barangay Disaster Risk Reduction and Management Committee (BDRRMC).

Ang magiging tungkulin ng BDC ay ang mga sumusunod:

1. Mag-apruba, mag-monitor at mag-tasa (*evaluate*) ng implementasyon ng Barangay Disaster Risk Reduction and Management Plan (BDRRM Plan) at palagiang (*regular*) repasuhin at suriin (*test*) upang tiyakin na ito ay naayon sa ibang pang mga programa at plano sa nasyonal at lokal na antas;
2. Tiyakin na naisama ang disaster risk reduction (DRR) at climate change adaptation (CCA) sa mga plano, programa at badyet (*budget*) sa lokal na antas bilang istratehiya para sa tuloy-tuloy na pag-unlad at pagpapababa ng kahirapan;
3. Mag-rekomenda sa pagpapatupad ng sapilitan o *preemptive* na paglikas ng mga residente, kung kinakailangan; at
4. Tipunin ang Barangay Development Council (BDC) isang beses bawat tatlong buwan o kung kinakailangan.

### Ang Pagbuo ng Barangay Disaster Risk Reduction and Management Committee (BDRRMC):

Ang Barangay Disaster Risk Reduction Management Committee (BDRRMC) ay isang komite ng Barangay Development Council (BDC) na siyang itinalaga ng batas, ang Republic Act 10121, o mas kilala bilang 'Philippine Disaster Risk Reduction and Management Act of 2010' Nakasaad din sa NDRRMC-DILG-DBM at CSC JMC No. 2014-1 tungkol sa mga "implementing guidelines" sa pagbuo ng mga LDRRMOs at BDRRMCs sa lokal na pamahalaan upang mangasiwa at manguna sa mga gawaing pangkaligtasan ng mga taong nakatira sa komunidad. Ang naturang komite ang siyang namumuno sa pagpapatupad ng mga programa at gawain sa loob ng komunidad o barangay upang maiwasan at mabawasan ang epekto ng mga naka-ambang panganib o ng disaster sa mga mamamayan, mga tirahan, mga kabuhayan, at iba pang mga elemento sa barangay.

Ang komite ay binubuo ng mga miyembro ng konseho, edukasyon, simbahan, at mga sektor o organisasyon sa isang pamayanan o barangay. Ito ay pinamumunuan ng Punong Barangay na tumatayo bilang Chairperson ng komite.

Ang mga natukoy na sektor ay dapat magkaroon ng aktibo at makabuluhang papel sa proseso ng pagpaplano, pagpapatupad, pagsubaybay, at pagsusuri ng lahat ng gawain na nakasaad sa BDRRM Plan and Committee. Ang mga halimbawa nito ay: sektor ng mga bata, sektor ng kabataan, sektor ng kababaihan, matatanda, mga may kapansanan, at iba pa. Ang kanilang partisipasyon sa BDRRMC ay dapat itatag, sa pamamagitan ng Executive Order mula sa Punong Barangay o sa pamamagitan ng resolusyon mula sa Sangguniang Barangay.

Ang pangunahing batayan ng pagiging miyembro ng mga sektor ng BDRRMC ay ang pagiging lehitimong organisasyon nila na may mga programa o proyekto sa barangay. Ang isang lehitimong organisasyon ay may kaukulang katibayan ng pagkilala mula sa alinmang ahensya ng gobyerno o Local Government Unit (LGU). Sila rin ay kinakailangang aktibo sa pakikilahok sa mga gawaing pang-kaunlaran ng barangay.

Kung hindi pa sila rehistrado sa anumang ahensiya ng gobyerno, maaari rin silang magbigay ng sulat sa barangay na naglalayong kilalanin sila bilang isang lehitimong samahan. Maaaring sumangguni sa DILG MC No. 2018-146 para sa mga alituntunin sa akreditasyon ng mga NGO at ang kanilang pagiging miyembro sa mga institusyong nakabase sa barangay tulad ng BDRRMC.

Ang iba't ibang ahensya ng gobyerno tulad ng DILG, LGA, OCD at iba pa ay nagbibigay ng kaukulang pagsasanay at oryentasyon upang patuloy na palakasin ang kapasidad ng mga BDRRMC na magampanan ng mahusay ang kanilang mga tungkulin. Ang resulta ng QAS para sa BDRRMP/C ay isa rin sa mga basehan ng mga ahensyang ito sa pagbibigay ng tulong teknikal.

Kailangang bumuo ng organogram (organizational structure) ang BDRRMC kung saan may kanya-kanyang responsibilidad ang bawat mabubuong sub-committee. Ang dami ng sub-committees ay nakadepende sa konteksto ng lugar o barangay.

## MGA TUNGKULIN AT GAWAIN NG BDRRMC

Ang Barangay Disaster Risk Reduction Management Committee (BDRRMC), sa ilalim ng Barangay Development Council (BDC) ay may mga tungkulin na dapat gampanan na walang pinapanigan o kinakampihan.

Ito ay ang mga sumusunod:

1. Magtakda ng magiging direksyon, pagpapaunlad, pagpapabago, at koordinasyon ng mga programa patungkol sa Disaster Risk Reduction and Management (DRRM);
2. Siguruhing naaayon ang mga programa, disenyo at koordinasyon ng mga gawain ng Disaster Risk Reduction Management (DRRM), alinsunod sa mga alituntunin at patakaran ng National Disaster Risk Reduction and Management Council (NDRRMC);
3. Mamahala at sumuporta sa mga pagtatasa ng peligro (*risk assessment*) at contingency planning activities;
4. Pagsama-samahin ang mga lokal na impormasyon na may kinalaman sa natural na peligro o panganib, mga bulnerabilidad o kahinaan, at panatilihin ang mga mapa ng mga panganib (*risk maps*) ng barangay;
5. Mag-organisa at magsagawa ng mga pagsasanay at oryentasyon sa mga miyembro ng komunidad na may kinalaman sa DRRM;
6. Magtalaga ng Focal Person sa bawat thematic area (prevention and mitigation, preparedness, response and recovery and rehabilitation) na siyang magti-tiyak na naipatutupad nang maayos ang mga naaprubahang programa, proyekto o gawain;
7. Tiyaking may kinatawan (*representative*) na manggagaling sa Barangay Council for the Protection of Children (BCPC) o *focal point* para sa Barangay Violence against Women and Children desk;
8. Magsagawa at magpatupad ng komprehensibo at pinagsama-samang mga lokal na plano alinsunod sa ipinag-uutos ng NDRRMC;
9. Gumawa at magsumite sa Sangguniang Barangay, sa pamamagitan ng Barangay Development Council (BDC), ng Barangay Disaster Risk Reduction and Management Plan (BDRRMP);
10. Ihanda at isumite sa Sangguniang Barangay, sa pamamagitan ng BDC, ang taunang badyet ng BDRRMP at programming ng BDRRM Fund; at
11. Tiyakin na makapag-imbak at agad na mapalitan ang mga nagamit na *supplies* at nasirang kagamitan sa panahon ng kalamidad.

**MGA TUNGKULIN AT GAWAIN NG BDRRMC** *(Pagpapatuloy)*

12. Mag-organisa, magsanay, at palakasin ang kakayahan ng mga emergency response teams at volunteers;
13. Mag-organisa, magsanay, at palakasin ang kakayahan ng mga Barangay Health Emergency Response Teams (BHERTs) na binubuo ng: Executive Officer, Barangay Tanod, at dalawang Barangay Health Workers (mas mainam kung isa sa kanila ay nurse o midwife) sa bawat 5,000 populasyon ng barangay;
14. Sa panahon ng health emergency (epidemya/pandemya), tungkulin din ng BDRRMC ang mga sumusunod, ayon sa nakasaad sa letra G ng Seksyon VIII ng JMC 2020-01 ng DILG, DOH, NEDA at DICT:
    - a. Siguraduhing ang mga nasasakupan ay may Philhealth Identification Number;
    - b. Magpatupad ng mga pang-komunidad na mga programa o gawain na may kinalaman sa pag-iwas (*prevention*), pagmamanman (*monitoring*) at first-line response;
    - k. Makipagtulungan (*partner*) sa mga NGOs, CSOs, at iba pang institusyon para sa pagpapatupad ng mga angkop at aprubadong istratehiya para sa epidemya/pandemya; at
    - d. Magbigay ng suporta sa mga sumusunod na gawain:
        - i. Magpatupad ng preventive measures sa pamamagitan ng BHERTs;
        - ii. Agarang pagtugon sa pangunguna ng BHERTs;
        - iii. Tumulong sa pagsasagawa ng contact tracing, sa pagtatalaga ng City or Municipal Health Officer; at
        - iv. Tumulong sa paghahatid o pagsusundo ng mga pasyente;
    - e. At iba pang mga alituntunin ayon sa nabanggit na JMC.

| Tema | Tungkulin/Gawain |
|---|---|
| Pag-iwas at Mitigasyon *(Prevention and Mitigation)* | Magsagawa ng mga pag-aaral sa mga bulnerabilidad at kapasidad ng barangay;<br><br>Tiyaking may koordinasyon sa mga siyudad o munisipyo na nakakasakop sa barangay upang makakuha ng iba pang mga datos na kakailanganin ng barangay sa pag-aaral, tulad ng mga dokumento, mapa, *health hazards,* atbp.;<br><br>Manguna sa pagsasagawa ng mga pagpaplano sa barangay patungkol sa DRRM/ CCA o Health Emergency;<br><br>Mag-mungkahi at suportahan ang pagpapatupad ng mga batas patungkol sa DRRM/CCA o Health Emergency;<br><br>Tumulong sa pagpapatupad ng mga batas, programa at aktibidad upang maiwasan at mabawasan ang lakas ng epekto (*impact*) o pinsala ng anumang peligro o banta ng panganib na maaaring maranasan ng barangay;<br><br>Manguna sa pagtatanim ng mga punong kahoy o bakawan;<br><br>Sumunod at magpatupad ng batas tungkol sa tamang solid waste management. |

## MGA TUNGKULIN AT GAWAIN NG BDRRMC *(Pagpapatuloy)*

| Tema | Tungkulin/Gawain |
|---|---|
| Pag-iwas at Mitigasyon *(Prevention and Mitigation)* | Magbigay ng mga pagsasanay sa mga response teams at iba pang miyembro ng BDRRMC para sa agarang pagtugon sa anumang kalamidad; at<br><br>Makipag-ugnayan at makipag-tulungan sa Barangay Health Stations (BHS) at Rural Health Units (RHU) sa pagsasagawa ng mga aktibidad na magpapataas sa antas ng kaalaman ng mga residente ukol sa mga naaangkop na kaugalian sa kalusugan at nutrisyon. |
| Paghahanda *(Preparedness)* | Manguna sa pagsasagawa at pagbubuo ng mga plano sa barangay patungkol sa DRRM/CCA/Health Emergency at response (Hal.: BDRRM Plan, Contingency Plan, Public Service Continuity Plan);<br><br>Pagpapalakas ng pakikipag-ugnayan sa iba't-ibang mga People's Organizations, Sectoral Groups, NGOs, CSOs, at iba pang mga lokal na ahensya ng pamahalaan, para sa mga gawaing paghahanda, tulad ng mga pagsasanay, pagpapalakas ng abilidad, at pagpapataas ng antas ng kaalaman tungkol sa DRRM, climate change adaptation at pampublikong kalusugan;<br><br>Magsagawa ng regular na *simulation exercises* o *drills* kaugnay sa mga natukoy na pangunahing peligro o panganib;<br><br>Magpakalat ng mga impormasyon ukol sa paghahanda sa panahon ng sakuna, disaster o anumang uri ng emergency sa lahat ng taong nasasakupan ng barangay, lalo na sa mga nakatira sa delikadong lugar;<br><br>Tiyakin na ang Barangay Council for the Protection of Children (BCPC) ay aktibo at may natatanggap na mga pagsasanay patungkol sa pag-protekta sa mga bata at mga batang may kapansanan bago, habang, at pagkatapos ng kalamidad;<br><br>Magbigay ng mga pagsasanay sa mga grupo na tutugon sa mga pangangailangan ng mga bulnerableng grupo, tulad ng mga kababaihan, mga buntis, nakatatanda, may mga kapansanan, at iba pa;<br><br>Tiyakin na ang mga ginawang plano ng paaralan at ng barangay ay magkaugnay;<br><br>Tiyaking kumpleto ang mga kagamitan para sa paghahanda at pag-responde sa panahon ng kalamidad;<br><br>Tiyaking may maayos at kumpletong kagamitang pang-komunikasyon at may sistema para sa regular na pakikipag-ugnayan sa mga awtoridad; |

**MGA TUNGKULIN AT GAWAIN NG BDRRMC** *(Pagpapatuloy)*

| Tema | Tungkulin/Gawain |
|---|---|
| Paghahanda *(Preparedness)* | Manguna sa paggawa ng mga plano na may mga mekanismo at sistema kung paano ipatutupad, susubaybayan, at tatasahin ang mga programa, proyekto, at gawain ng barangay sa DRRM-CCA, at mga isyung pangkalusugan;<br><br>Tiyaking may sapat na partisipasyon ang mga kinatawan ng sektor ng mga bata, mga kabataan, mga kababaihan, mga buntis, mga nanay na nagpapasuso, mga may kapansanan, mga nakatatanda, at mga katutubo, at iba pang mga sektor/ grupo na nasa loob ng barangay sa mga gagawing pag-aaral, pananaliksik, pagpa-plano, at pagpapatupad ng mga programa, proyekto at gawain ng barangay sa DRRM-CCA;<br><br>Tiyaking lahat ng kasapi ng BDRRMC ay nabigyan ng sapat na kaalaman tungkol sa mga batas, tulad ng RA 10121, RA 9729, RA 10821, RA10174, RA 9003 at iba pang mga batas na may kaugnayan sa DRRM-CCA, health emergency, conflict, at iba pa;<br><br>Tiyaking may maayos na Early Warning System ayon sa mga natukoy na pangunahing peligro o panganib, tulad ng kalamidad, health emergency, conflict, at iba pa;<br><br>Tiyaking ang Early Warning System ng mga paaralan ay may koordinasyon at naaayon sa sistema ng maagang babala ng barangay;<br><br>Tiyaking ang Early Warning System ng barangay ay may koordinasyon at naaayon sa sistema ng maagang babala ng munisipyo o siyudad na nakasasakop dito;<br><br>Tiyaking may sapat na imbak ng mga gamit, tulad ng gamot at relief goods (Non -Food Items/Food Items), at mga kagamitang tutugon sa pangangailangan ng mga bata, babae, at iba pang mga bulnerableng sektor sa panahon ng kalamidad, health emergency, conflict, at iba pa;<br><br>Tiyaking may maayos at kumpletong kagamitan ang mga response teams o grupo para sa kanilang kaligtasan;<br><br>Tiyaking may naka-imbak o nakahandang kagamitan tulad ng personal protective equipment (PPE) sa mga paaralang nasasakupan ng barangay na maaaring magamit ng mga bata at guro sa oras ng kalamidad; |

| Uri ng Kalsada | Sukat/Haba ng Kalsada (Kilometro) | Sino ang nagmi-mintina ng kalsada |
|---|---|---|
| A. Konkreto (concrete) | | |
| B. Aspalto (Asphalt) | | |
| K. Graba (Gravel) | | |
| D. Natural Earth Surface | | |

**G. Bilang at Pangalan ng mga Samahan ng mga Mamamayan at Sektoral sa Barangay**

**MGA TUNGKULIN AT GAWAIN NG BDRRMC** *(Pagpapatuloy)*


| Tema | Tungkulin/Gawain |
|---|---|
| Paghahanda *(Preparedness)* | Tiyaking may maayos, ligtas, at sapat na bilang ng evacuation centers at isolation facilities na gagamitin sa paglilikas ng mga tao sa panahon ng kalamidad, health emergency, conflict, at iba pa;<br><br>Pagbuo ng mga sistema na naglalaman ng mga pangunahing datos na kakailanganin sa pagpaplano at pag-responde;<br><br>Tiyaking may nakalaang pondo para sa pagpapatupad ng mga natukoy na programa, proyekto at gawain, kaugnay ng DRRM-CCA, at pampublikong kalusugan;<br><br>Magsagawa ng mga gawain at adbokasiya na magpapataas ng antas ng kaalaman ng mga residente sa mga angkop na mga kaugalian sa kalusugan at nutrisyon; at<br><br>Tiyakin na ang binuong BHERTs ay nagbibigay ng edukasyong pangkalusugan sa mga kabahayan at mga tao sa komunidad, na naaayon sa DOH Risk Communication for Epidemic/Pandemic Health Situation. |
| Pagtugon sa Kalamidad *(Response)* | I-activate ang Barangay Operations Center (24/7);<br><br>I-activate ang Comprehensive Emergency Program for Children (CEPC);<br><br>I-activate ang Incident Command System (ICS);<br><br>Tiyakin na ang mga evacuation centers at isolation facilities ay may kumpletong pasilidad, ayon sa nakasaad sa batas;<br><br>Magbigay ng tama at napapanahong impormasyon at maagang babala sa komunidad, para sa agaran at ligtas na paglikas ng mga taong nakatira sa mga peligro at mapanganib na lugar;<br><br>Makipag-ugnayan sa mga awtoridad upang makakuha ng tamang impormasyon tungkol sa maagang babala;<br><br>Magsagawa ng agarang pagsusuri at pagtatasa ng mga naapektuhan ng kalamidad at agad magsumite ng ulat sa mga awtoridad;<br><br>Itala ang bilang, pangalan, edad, at kasarian ng mga nangangailangan ng tulong, lalo na ang mga bulnerableng grupo, tulad ng mga bata, mga batang may kapansanan, mga buntis, mga nanay na nagpapasuso, mga matatanda, mga matandang may kapansanan, at iba pa. Isumite ito sa BDC at M/CDRRMO para sa agarang pagbibigay ng angkop na ayuda at serbisyo; |

**MGA TUNGKULIN AT GAWAIN NG BDRRMC** *(Pagpapatuloy)*

| Tema | Tungkulin/Gawain |
|---|---|
| Pagtugon sa Kalamidad *(Response)* | Magsagawa ng search, rescue and retrieval operations na may koordinasyon sa mga awtoridad; |
| | Magsagawa ng paglilinis o *clearing operations* matapos ang disaster o kalamidad upang masiguro ang kalinisan ng kapaligiran at kaligtasan ng mga residente ng barangay; |
| | Makipag-ugnayan sa munisipyo o siyudad para sa deklarasyon ng 'state of calamity'; |
| | I-activate ang lahat ng grupo o volunteer na makakatulong sa pagtugon sa mga kalamidad; |
| | Magsagawa ng agarang pagpu-pulong para sa sistema ng pag-responde; |
| | Tiyaking may maayos na pamamahala sa mga Evacuation Centers, alinsunod sa mga protocols ng Camp Coordination and Camp Management; |
| | Magtalaga ng mga breastfeeding stations, child-friendly space, women-friendly space, WASH facilities, atbp. sa loob ng mga evacuation centers; |
| | Magtalaga ng mga "*specific/designated*" na palikuran na nakalaaan para sa mga lalaki, babae, at mga taong may kapansanan; |
| | Pagsubaybay sa mga may sakit o karamdaman upang masiguro na walang mahahawa, lalo na ng mga nasa evacuation centers; |
| | Regular at tamang pag-uulat ng mga maysakit, na nakita o nabatid sa rural health unit o sinumang *available* na doktor o medical personnel na malapit sa evacuation center; |
| | Agarang pag-*isolate* o paghihiwalay sa mga taong nabatid na may karamdaman na maaaring makahawa sa evacuation centers; at |
| | Tiyaking lahat ng serbsiyong pangkalusugan (Esssential Health Service Package-EHSP), tulad ng Medical and Public Health, kasama ang Minimum Initial Service Package (MISP) for Sexual and Reproductive Health (SRH), Mental Health and Psychosocial Support (MHPSS), Water Sanitation and Hygiene (WASH), at Nutrition in Emergencies, ay maaaring makuha mula sa mga barangay health centers at evacuation centers at sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga miyembro ng Health cluster |

**MGA TUNGKULIN AT GAWAIN NG BDRRMC** *(Pagpapatuloy)*

| Tema | Tungkulin/Gawain |
|---|---|
| Pagtugon sa Kalamidad<br>*(Response)* | ***Sa panahon ng epidemya/pandemya:***<br><br>Tiyakin na ang mga pangkalusugang *protocols* ay sinusunod ng mga miyembro ng komunidad;<br><br>Magsagawa ng paunang pagkakakilanlan ng mga taong apektado ng sakit at isumite ito sa C/M Health Officer;<br><br>Magsagawa ng regular na pagbisita sa bawat bahay ng mga residente na nagkaroon ng sakit o sa mga taong nasa ilalim ng pagsubaybay (*persons under monitoring*);<br><br>Tiyaking natutugunan ang mga pangangailangan ng apektadong populasyon, partikular ang pagbibigay ng mga pangunahing pangangailangan *(basic necessities)*, at matukoy kung kinakailangang sila ay ihiwalay sa kanilang pamilya o kasama sa bahay;<br><br>Simulan ang contact tracing;<br><br>Tumulong sa pamamahala ng mga isolation facilities at tiyakin na ang mga kinakailangang suplay at kagamitan ay kumpleto at nakahanda sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa C/M Health Office;<br><br>Panatilihin ang madalas na pakikipag-ugnayan sa C/M Health Office; at<br><br>Siguruhing makipag-ugnayan sa inyong LGU para sa mga bagong health protocols sa inyong siyudad o lungsod. |
| Pagbangon at Rehabilitasyon<br>(*Recovery and Rehabilitation)* | Katuwang ang C/MDRRMO, at iba pang mga tanggapan sa lokal na pamahalaan, tumulong sa pagsasagawa ng damage assessment, at recovery and rehabilitation plan sa mga nasasakupan; at<br><br>Tiyaking may ginawang konsultasyon sa iba't-ibang mga kinatawan sa loob ng barangay, tulad ng mga bulnerableng sektor, kasama ang mga bata, may kapansanan, kababaihan, matatanda, katutubo, CSOs, at iba pa, upang makakuha ng mga suhestiyon para sa agaran at pang-matagalang (*sustainable*) solusyon sa naging epekto ng kalamidad o pandemya sa mga miyembro ng komunidad. |



## III. PARTICIPATORY COMMUNITY RISK ASSESSMENT (PCRA):

Ang participatory community risk assessment ay isang proseso upang matukoy ang mga peligro o panganib na maaring maranasan ng komunidad at malaman ang katangian at lawak ng pinsalang dulot nito. Sa pamamagitan ng PCRA, malalaman ang mga kalakasan at oportunidad na mayroon sa loob ng komunidad na makatutulong upang mabawasan o maka-angkop sa mga peligro o panganib na ito.

Ito ay sama-samang ginagawa ng iba't-ibang sektor sa komunidad, kasama dito ang mga sektor ng bata o kabataan, may kapansanan, matatanda, kababaihan at iba pang bulnerableng grupo o sektor.

| **Bahagi**<br>(Component) | **Pagsasalarawan ng Proseso**<br>(Process Description) | **Sanggunian**<br>(Reference/Data Source) |
|---|---|---|
| Participatory Community Risk Assessment (PCRA)<br><br>*1. Pagtukoy sa mga kalamidad o disaster sa nakalipas na mga taon at epektong dulot ng mga ito sa komunidad* | Magbalik-tanaw sa mga nakaraang kalamidad na naranasan ng komunidad sa nakalipas na 10 hanggang 50 taon. Isulat kung ano ang naging epekto nito sa populasyon, kagamitan at iba pa. Ilagay ang bilang, halaga o porsyento ng pagkasira o epekto. Ilagay din kung saan at kanino nanggaling ang impormasyon.<br><br>Mga Epekto ng Kalamidad:<br><br>• Bilang ng casualties - isulat ang bilang o porsyento ng mga naapektuhang populasyon ayon sa mga kategorya sa bawat kalamidad na naranasan ng komunidad.<br>• Pinsala sa mga ari-arian - isulat ang bilang, halaga o porsyento ng napinsala. Katulad ng farm and animals (hal. kalabaw o baka). Poultry and fowls (hal. manok, pato o itik). Ang tinutukoy na farm and animals ay ang mga hayop na nakakatulong sa mga magsasaka sa pagbubungkal ng lupa, pagtatanim, pag-aani at iba pang gawain sa bukid. | RDANA, PDNA, LGU Disaster Reports |

| **Bahagi**<br>(Component) | **Pagsasalarawan ng Proseso**<br>(Process Description) | **Sanggunian**<br>(Reference/Data Source) |
|---|---|---|
| Participatory Community Risk Assessment (PCRA) | • Nasirang Kagamitan - Isulat ang halaga, bilang o porsyento ng naapektuhang kagamitan o inprastractura sa loob ng komunidad halimbawa ay bahay, Elementary School, at iba pang kagamitan na nakasulat sa template. | Hazard o risk maps mula sa PHILVOCS, PAGASA, MGB/DENR o ng siyudad/munisipyo |
| 2. *Pagtukoy sa mga posibleng peligro o bantang panganib na maaring maranasan ng barangay* | Makipag-ugnayan sa opisina ng MDRRMO o MPDO at humingi ng kopya ng mga *hazard* o *risk maps* at iba pang impormasyon na may kinalaman sa mga peligro na maaaring maranasan ng barangay.<br><br>Ang pagtukoy sa mga posibleng peligro o bantang panganib ay batay sa mga siyentipikong datos o batay sa pananaw o karanasan ng mga residente sa barangay.<br><br>Gamit ang opisyal na website ng gobyerno, ang GeoRisk Philippines: https://hazardhunter.georisk.gov.ph/, maaaring tukuyin ang mga uri at antas ng peligro na posibleng maranasan ng komunidad.<br><br>Ilista sa unang haligi (*Peligro o Panganib*), ang lahat ng peligro o *hazards* na maaaring maranasan o mangyari sa loob ng barangay, ito man ay natural o gawa ng tao, o pang-kalusugan. **Para sa ibang Health Hazards na dapat isaalang-alang, tingnan ang Annex A**.<br><br>Sa ikalawang haligi (Probabilidad), magbigay ng kaukulang rating ayon sa dalas ng pagkakaroon ng peligro/panganib batay sa napagkasunduang rating. Isulat din ang iba pang impormasyon na may kinalaman dito, sa ikalimang haligi (Basehan), kung kinakailangan. | OCD- Contingency Plan Guidebook issued on Jan. 2020.<br><br>https://hazardhunter.georisk.gov.ph/ |



| **Bahagi**<br>(Component) | **Pagsasalarawan ng Proseso**<br>(Process Description) | **Sanggunian**<br>(Reference/Data Source) |
|---|---|---|
| Participatory Community Risk Assessment (PCRA)<br><br>2. *Pagtukoy sa mga posibleng peligro o bantang panganib na maaring maranasan ng barangay* | Sa ikatlong haligi (Epekto), magbigay ng kaukulang rating ayon sa kalubhaan ng epekto ng peligro/panganib, batay sa napagkasunduang rating. Isulat din ang iba pang impormasyon na may kinalaman dito, sa ikalimang haligi (Basehan), kung kinakailangan.<br><br>Sa ika-apat na haligi (Pamamahala), magbigay ng kaukulang rating, ayon sa antas ng kakayahan sa pag-responde ng BDRRMC at ang iba pang miyembro ng komunidad sa panahon na may peligro/ panganib, batay sa napagkasunduang rating. Isulat din ang iba pang impormasyon na may kinalaman dito, sa ikalimang haligi (Basehan), kung kina-kailangan.<br><br>Sa ikalimang haligi (Basehan), isulat ang mga impormasyong may kinalaman sa ikalawa, ikatlo at ikaapat na haligi upang mas madaling tukuyin ang mga dahilan sa bawat rating na ibinigay sa bawat haligi.<br><br>Sa ika-anim na haligi (Average), idagdag ang ikalawa, ikatlo at ika-apat na haligi at hatiin (divide) sa 3 upang makuha ang average.<br><br>Sa ika-pito o pang-huling haligi (Pagkahanay), ihanay ayon sa nakuhang average ang mga peligro/panganib na natukoy. Ang may pinaka-mataas na nakuhang average ang siyang magiging prayoridad ng komunidad pagtuunan ng pansin at mabigyan ng karampatang aksyon o solusyon. Susunod ang iba pang peligro/panganib depende sa average na nakuha. | |

| **Bahagi**<br>(Component) | **Pagsasalarawan ng Proseso**<br>(Process Description) | **Sanggunian**<br>(Reference/Data Source) |
|---|---|---|
| 3. Bulnerabilidad o Kahinaan<br><br>4. Kapasidad o Kalakasan ng Barangay | **Mga salik o basehan ng pagtukoy ng bulnerabilidad at kapasidad ng komunidad:**<br><br><u>Pisikal at Materyal</u><br><br>• Lokasyon (kung madalas makaranas ng panganib o ligtas)<br>• Disenyo ng gusali (materyales)<br>• Pang-ekonomikong gawain (paraan ng ikinabubuhay, iba't ibang kasanayan, lupa, tubig, hayop, kapital, at "access" at kontrol sa produksyon)<br>• Imprastraktura at serbisyo (kalye, pangkalusugang pasilidad, paaralan, elektrisidad, komunikasyon, transportasyon, pabahay, atbp.)<br>• Human capital (kamatayan, mga sakit, kalagayang nutrisyonal, literasi ng populasyon (*population literacy*), at antas ng kahirapan)<br>• Pang-kalikasang salik (kagubatan, kalidad ng lupa, *erosion*, atbp.)<br><br><u>Sosyal o Organisasyonal</u><br><br>• Komposisyon ng populasyon at mga katangian (Mas nakararami ba ang mga bata? O matatanda? Mayroon bang malaking proporsyon ng mga bulnerableng grupo?) | |

| **Bahagi**<br>(Component) | **Pagsasalarawan ng Proseso**<br>(Process Description) | **Sanggunian**<br>(Reference/Data Source) |
|---|---|---|
| 3. Bulnerabilidad o Kahinaan<br><br>4. Kapasidad o Kalakasan ng Barangay | • Mga batas at administratibong istraktura<br>• Istraktura sa pagdedesisyon<br>• Antas ng partisipasyon (Nino?)<br>• Pagkakahati-hati/Hindi pagkakasunduan (etniko, grupo o uri, lahi, relihiyon, ideolohiya, politikal na grupo, wika, istraktura at pamamaraan ng pamamagi-tan tuwing may hindi pagkakasundo)<br>• Antas ng hustisya/kawalan ng kata-rungan, pagkakapantay-pantay, puwang upang makalahok sa mga pampolitikal na proseso<br>• Pag-oorganisa ng mga komunidad (pormal/di-pormal, tradisyunal o gobyerno)<br>• Relasyon sa gobyerno<br>• Pagkakabukod o pagiging konektado<br><br>Pag-ganyak (*Motivational*) o Pananaw (*Attitudinal*)<br><br>• Saloobin tungkol sa pagbabago<br>• Pagkakaroon ng abilidad upang maapektuhan ang kanilang mundo at kapaligiran, at maisagawa ang kinakailangan<br>• Pangunguna/Inisyatiba (o kakulangan sa pangunguna)<br>• Paniniwala, determinasyon, at fighting spirit<br>• Sistema ng paniniwala, ideolohiya, at pagmamalaki<br>• Paniniwala sa kapalaran, kawalan ng pag -asa, at panghihina ng loob<br>• Pagiging pala-asa/pag-asa sa sarili<br>• Kamulatan, pagkakaroon ng pagkakaisa, at kooperasyon | |

| **Bahagi** (Component) | **Pagsasalarawan ng Proseso** (Process Description) | **Sanggunian** (Reference/Data Source) |
|---|---|---|
| 3.1 Public Health Vulnerability | **Tingan ang Annex D para sa Public Health Vulnerability Assessment Matrix**<br><br>Tukuyin ang mga lugar na pinaka-bulnerable sa mga peligro. Isulat kung aling mga purok/ sitio ang maituturing na bulnerable.<br><br>Isaalang-alang ang mga sumusunod na salik (*parameters)* sa pagtukoy sa mga kahinaan (*vulnerabilities*) ng isang komunidad:<br><br>• Mayroon bang paraan ng pagkuha (*access*) sa mga serbisyong pangka-lusugan o medical sa mga apektadong lugar?;<br>• Ang estado ng kalusugan ng mga taong nasa panganib (*populations at risk*) base sa kanilang saklaw ng serbisyo sa kalusugan (*health service coverage*), population immunity, pasanin ng kalusugan (disease burden), atbp.<br>• Mga salik (social determinants) ng kalusugan, tulad ng *access* sa magandang pabahay (good housing), tubig, kalinisan, edukasyon, atbp.<br>• Presensya ng mga bulnerableng grupo sa mga apektadong lugar<br>• Mga aspetong sosyal at organisasyonal: pamumunong pangkalusugan (*health leadership*), mga istraktura ng pagde-desisyon (*decision-making structures*), mga istrakturang administratibo, pag-aayos ng institusyon (*institutional arrangements*), at pakikilahok ng komunidad (*community participation*).<br>• Mga aspeto ng pag-uugali/motibasyon ng mga mamamayan: kahalagahan ng kalusugan, pagiging bukas o pagtanggap sa pagbabago, pag-unawa sa kanilang tungkulin sa pagpapababa ng mga panganib pangkalusugan, inisyatibo upang gawin ang mga bagay, at pakikisama o kooperasyon.<br><br>**Tingnan ang Annex E para sa Halimbawa** | |

| **Bahagi**<br>(Component) | **Pagsasalarawan ng Proseso**<br>(Process Description) | **Sanggunian**<br>(Reference/Data Source) |
|---|---|---|
| 5. Mapa ng barangay kung saan makikita ang mga peligro o bantang panganib na maaaring makaapekto sa mga tao o makapinsala sa mga kagamitan sa loob ng komunidad | Makipag-ugnayan sa C/MPDO o C/MDRRO at humingi ng kopya ng mapa na nagpapakita ng mga peligro o panganib (*hazards*) natural man ito o dahil sa gawa ng tao. Hal.: Mga lugar na maaaring bahain, magkaroon ng pagguho ng lupa, masunugan, at iba pa.<br><br>Lahat ng mga peligro o panganib (*hazards*) na maaaring mangyari sa loob ng barangay, tulad ng mga nabanggit sa itaas, ay kinakailangang gawan ng mapa.<br><br>Iguhit sa mapa ng barangay ang itinalagang sentro ng paglikas (*evacuation center*) ng mga taong maaapektuhan ng peligro o panganib at ang ligtas na daraanan ng mga taong magsisilikas patungo sa nabanggit na paglilikasan (*Safe Evacuation Route*). | City/Municipal hazard maps na maaaring makita sa MDRRM Office o sa risk profile, hazard maps, at iba pa ng syudad/munisipyo.<br><br>Ang GeoRisk na mga mapa ay maaaring makuha sa GeoRisk Philippines website sa pamamagitan ng link na ito <https://hazardhunter.georisk.gov.ph/> |
| 6. Pagbuo ng database ng pagkakalantad (*exposure database*) ng mga maaaring maapektuhan ng pangunahing peligro o bantang panganib | Ang Exposure Database ay mga impormasyon na nauukol sa mga elementong maaaring maapektuhan ng peligro o<br>panganib na posibleng mangyari sa loob ng Barangay, katulad ng populasyon, ari-arian, istaktura, gawaing pang-hanapbuhay at mga yaman sa kapaligiran na matatagpuan sa mga lugar na peligro o may nakaambang panganib. | |
| 6.1.1 Bilang ng pamilya at tao na maaaring maapektuhan ng anumang uri ng peligro o panganib | Bilang ng pamilya at tao ayon sa edad at kalagayan sa kalusugan na maaaring maapektuhan ng anumang uri ng peligro o panganib:<br><br>• Column ng bilang ng pamilya<br>• Column ng bilang ng indibidwal ayon sa kasarian, kasama ang LGBTQ<br>• Column ng bilang ng bata ayon sa edad – ang *bracket age* ng edad ng mga bata ay ayon sa batas<br>• Column ng bilang ng mga taong may kapansanan na maaapektuhan ng peligro o panganib<br>• Column ng bilang ng matanda ayon sa edad<br>• Column ng may mga karamdaman – tignan ang table 6.2 | RA 10821 "Children's Emergency Relief and Protection Act" |

| **Bahagi**<br>(Component) | **Pagsasalarawan ng Proseso**<br>(Process Description) | **Sanggunian**<br>(Reference/Data Source) |
|---|---|---|
| 6.1.2 Detalyadong Bilang ng mga Taong May Kapansanan | Alamin ang bilang ng mga taong may kapansanan na maaring maaapektuhan ng mga pangunahing peligro o panganib ayon sa edad at kasarian (mag-base sa column ng bilang ng *Persons with Disabilities* na maaapektuhan ng peligro o panganib mula sa *table* 6.1.1) | |
| 6.1.3 Bilang ng pamilya ayon sa nakasulat sa mga column sa baba na maaapektuhan ng peligro o panganib kada sitio/purok/block/street | Alamin ang bilang ng mga pamilyang maaapektuhan ng peligro o panganib ayon sa mga nakasulat sa column:<br><br>• Column ng bilang ng pamilya na nakatira sa mga lugar na walang sariling titulo o legal na papeles ng kanilang paninirahan<br>• Column ng informal settlers o mga pamilyang nakatira sa lugar na hindi nila pag-aari ang lupa<br>• Column ng bilang ng mga pamilyang may maayos at sapat na pinagkukunan ng pagkakakitaan<br>• Column ng bilang ng mga pamilyang may kamalayan o kaalaman sa maaaring epektong idudulot ng peligro o panganib na darating sa loob ng barangay<br>• Column ng bilang ng pamilyang may access sa impormasyon sa pamamagitan ng radio, TV, newspaper, social media, at iba pa para malaman ang anunsyong mais ipaabot ng mga kinauukulan tungkol sa paparating na peligro o panganib<br>• Column ng bilang ng mga pamilyang may access sa financial assistance na ipinamamahagi ng gobyerno o ng mga pribadong grupo<br>• Column ng bilang ng mga pamilyang may access sa early warning system sa panahon na may paparating ng peligro o panganib | CDRA |

| **Bahagi** (Component) | **Pagsasalarawan ng Proseso** (Process Description) | **Sanggunian** (Reference/Data Source) |
|---|---|---|
| 6.1.4 Bilang ng tao na may mga karamdaman o sakit na nakakahawa | Makipag-ugnayan sa inyong Barangay Health Centers at Municipal Health Offices upang makuha ang mga bilang ng mga taong may karamdaman o sakit na nakahahawa base sa mga pangunahing sakit (*Priority Diseases/ Syndromes)* at mga kondisyong naka-target para sa pagsubaybay *(Conditions Targeted for Surveillance) ng DOH.*<br><br>**Tingnan ang Annex F para sa Listahan ng mga Prayoridad na Karamdaman, Sintomas at Kondisyon na kinakailangang bantayan.** | DOH PIDSR Manual of Procedure |
| 7.1 Epekto ng Peligro o bantang Panganib | Alamin ang bilang ng mga tao o pamilyang maaring maapektuhan ng mga pangunahing peligro o bantang panganib sa bawat purok, sitio, sona (*zone*), *block* o kalye (*street*) ayon sa tatlong kategorya<br><br>Gawing basehan ang ginawa o kinuhang mapa ng mga pangunahing peligro o panganib (*hazard map*s) sa C/MPDO/ C/MDRRMO o https://hazardhunter.georisk.gov.ph/<br><br>Ito ay dapat gawin para sa bawat peligro o panganib na nangangailangan ng mga programa o *intervention*. | |
| 7.2. Imbentaryo ng mga kagamitan, imprastraktura, establisyemento, pasilidad at pangkabuhayan ng mga tao na maaaring maapektuhan ng peligro o panganib | Ilagay sa ikalawang column ang kabuuang bilang ng mga nakasulat sa unang column, kung meron nito sa loob ng barangay at tantyahin kung ilang porsyento ang maaaring epekto nito kung sakaling maapektuhan ng pangunahing peligro o panganib.<br><br>Sa ika-apat na column, isulat ang pangalan ng lugar kung saan ito makikita o matatagpuan.<br><br>Ito ay dapat gawin sa bawat peligro na dapat magkaroon ng mga programa o intervention. | Puwede itong makita o makuha mula sa barangay profile o sa Community-Based Monitoring System (CBMS) |
| 8. Mga pangunahing isyu o suliranin na kinakaharap ng mga bulnerableng grupo tuwing magkakaroon ng kalamidad sa loob ng barangay. | Maaaring gumamit ng iba't-ibang tools o pamamaraan ang barangay upang malaman ang mga maaaring maging isyu o suliranin ng bawat bulnerableng grupo sa panahon ng kalamidad na dulot ng natural na peligro o gawa/ginawa ng tao. Pwedeng gumamit ng "Problem Tree Analysis" at iba pang pamamaraan na makakatulong sa barangay. | |

| **Bahagi** (Component) | **Pagsasalarawan ng Proseso** (Process Description) | **Sanggunian** (Reference/Data Source) |
|---|---|---|
| 8. Mga pangunahing isyu o suliranin na kinakaharap ng mga bulnerableng grupo tuwing magkakaroon ng kalamidad sa loob ng barangay. *(Pagpapatuloy)* | Matapos magawa ang problem tree analysis o iba pang tools, tingnan kung ang mga nakasulat sa *table* ay maaaring mangyari sa barangay, sundin ang instruction sa table. Kung sa tingin naman ng barangay na may-roong hindi naisama sa mga nakalista, maaari silang magdagdag sa table. | DOH PIDSR Manual of Pro-cedure |
| 9. Listahan ng mga itinilagang evacuation centers at isolation facilities ng barangay at munisipyo/siyudad (pag-aari ng gobyerno o pribado) | Ilista lahat ng evacuation centers na itinal-aga ng barangay para gamitin sa panahon ng kalamidad pag-aari man ito ng gobyerno o pribado. Sa *column* na "Nagmamay-ari" i-tsek kung ito ay pag-aari ng gobyerno o pribado. Piliin sa column na "Nasuri ng In-hinyero (*Engineer*)" kung "oo" o "hindi" at petsa kung kailan ginawa ang pagsusuri. Ilagay rin kung mayroon o walang kasun-duan (MOA o MOU) sa paggamit nito.<br><br>Sa quarantine facility naman na gagamitin sa panahon ng health emergency, katulad ng pandemya o epidemya, lagyan rin ng impor-masyon katulad ng ginawa sa evacuation center. | |
| 10. Imbentaryo ng mga ligtas na evacuation centers o lugar na pupuntahan ng mga pamilyang maaring maapektuhan ng peligro of panganib | Sa unang *column*, isulat kung anong lugar sa barangay ang maaaring maapektuhan ng pangunahing peligro of panganib.<br><br>Sa ikalawang *column*, ilagay ang kabuuang bilang ng pamilya at indibidwal na nakatira sa apektadong lugar.<br><br>Sa ikatlong *column*, ilagay ang bilang ng pamilya at indibidwal na direktang maaapektuhan ng peligro o panganib.<br><br>Sa ika-apat na *column,* ilagay ang pangalan ng mga evacuation centers na pag-aari ng Gobyerno. | |

| **Bahagi**<br>(Component) | **Pagsasalarawan ng Proseso**<br>(Process Description) | **Sanggunian**<br>(Reference/Data Source) |
|---|---|---|
| | Sa ikalimang *column*, ilagay ang bilang ng mga pamilya at indibidwal na maaaring i-accommodate sa mga evacuation centers ng gobyerno (Plan A).<br><br>Sa ikaanim na *column,* ilagay ang bilang mga natitirang pamilya at indibidwal na hindi kayang i-accommodate ng Plan A.<br><br>Sa ikapitong *column*, ilagay ang pangalan ng evacuation center na pagmamay-ari ng pribadong tao, pamilya o negosyante (Plan B). Kasama dito ang mga bahay ng kamag-anak, kaibigan o kahit hindi kilalang may-ari ng bahay na pinaglilipatan ng mga tao sa panahon ng kalamidad.<br><br>Sa pang-walong *column*, ilagay ang bilang ng mga pamilya at indibidwal na kayang i-accommodate nga mga evacuation centers na pag-aari ng pribadong sector.<br><br>Sa ika-siyam na *column,* isulat ang bilang ng mga pamilya at indibidwal na hindi kayang i-accommodate ng Plan A at Plan B. | |
| 11.Mga lugar na maaaring paglikasan ng mga tao sa panahon na may peligro o panganib na paparating o maaaring mangyari sa barangay: | Sa unang column, isulat kung anong antas ng risk/peligro ang maaaring maranasan sa isang particular na luagar sa loob ng barangay ayon sa tatlong kategorya (Mababa, Katamtaman at Mataas)<br><br>Sa ikalawang *column*, isulat kung anong mga lugar sa loob ng barangay ang posibleng maapektuhan ng peligro o panganib (katulad ng tsunami, sunog, lindol at iba pang peligro o panganib na walang babala).<br><br>Sa ikatlo at ikaapat na *column*, ilagay ang kabuuang bilang ng pamilya at indibidwal na nakatira sa apektadong lugar.<br><br>Sa ikalima at ikaanim na *column*, ilagay ang bilang ng pamilya at indibidwal na direktang maaapektuhan ng peligro o panganib. | |

| **Bahagi** (Component) | **Pagsasalarawan ng Proseso** (Process Description) | **Sanggunian** (Reference/Data Source) |
|---|---|---|
| | Sa ikapitong *column*, isulat ang pangalan ng lugar o deskripsyon nito na pupuntahan o paglilikasan ng mga pamilya o indibidwal na apektado ng peligro o panganib.<br><br>Ito ay dapat gawin para sa bawat peligro o panganib (hazards) na matutukoy. | |
| 12. Mga lugar o istraktura na maaaring paglikasan ng mga pinanggagalingan ng kanilang ikinabubuhay (*livestock, fishing boats, etc*.) | Sa unang *column,* isulat ang lahat ng uri ng hanapbuhay na maaapektuhan ng anuman na peligro o panganib.<br><br>Sa ikalawang *column*, isulat kung saang lugar sa loob ng barangay manggagaling ang mga ililikas/dadalhin/ililipat na mga hayop at iba pang kagamitan sa paghahanap-buhay.<br><br>Sa ikatlong *column*, isulat kung anong ligtas na lugar ang paglilikasan/pagdadalhan/paglilipatan ng mga ikinabubuhay ng mga tao, katulad ng alagang hayop (kalabaw, baka, kambing at iba pang livestock), gamit sa pangingisda (bangka, fish nets, at iba pang fishing gears and paraphernalia) at iba pang maaaring maapektuhan ng peligro o panganib.<br><br>Sa ikaapat na *column*, ilagay ang bilang/dami ng kayang tanggapin/i-accommodate ng nasabing paglilikasan/pagdadalhan/paglilipatan ng mga hayop o kagamitan sa paghahanap-buhay.<br><br>Ito ay dapat gawin para sa bawat peligro o panganib (hazards) na matutukoy. | |
| 13. Imbentaryo ng mga naka-stock o naka-preposition na mga *goods (Food and Non-Food Items)* | Sa unang *column*, isulat kung anong mga bagay o *items* (Food at Non-Food) ang maaaring gamitin sa panahon ng kalamidad na nakaimbak sa warehouse ng barangay o itinalagang imbakan.<br><br>Sa ikalawang column, ilagay kung gaano karami ang nakaimbak sa warehouse ng barangay na maaaring gamitin o kunin kahit anong oras sa panahon ng kalamidad.<br><br>Sa ikatlong column, ipaliwanag kung ano ang kasalukuyang kalagayan nito (hal. Malapit na ba itong mag-expired o masira, etc). | |

| **Bahagi** (Component) | **Pagsasalarawan ng Proseso** (Process Description) | **Sanggunian** (Reference/Data Source) |
|---|---|---|
| 14. Mga itinalagang evacuation center/lugar kung saan ipamamahagi ang mga relief goods *(Food and Non-Food Items)* | Sa unang column, isulat ang pangalan ng Evacuation Center o lugar kung saan gagawin ang pamamahagi ng relief goods.<br><br>Sa ikalawang column, isulat kung anong klase/uri ng mga relief goods (food/NFI) ang ipamamahagi sa mga taong apektado ng kalamidad.<br><br>Sa ikatlong *column*, ilagay kung ilan ang ipamamahaging relief goods sa bawat pamilya o indibidwal na apektado ng kalamidad.<br><br>Sa ikaapat na *column*, ilagay ang yunit/unit (timbang, at iba pa) na gagamitin.<br><br>Sa ikalimang *column*, ilagay ang mga pangalan ng tatanggap ng relief goods (Head of the Family).<br><br>Sa ika-anim na *column*, isulat ang tirahan ng tatanggap ng relief goods. | Camp Coordination and Camp Management |
| 15. Proseso at pamamaraan ng pamamahagi ng relief goods o tulong para sa mga apektadong pamilya o indibidwal | Sa unang *column*, ilagay kung paano ipamamahagi ang mga relief goods sa mga pamilyang apektado ng kalamidad, sila man ay nasa *designated evacuation center* o nasa kanya-kanyang bahay o lugar.<br><br>Sa ikalawang *column*, isulat kung saan manggagaling ang relief goods (barangay, munisipyo, probinsya, nasyonal, NGO at iba pang maaaring panggalingan ng tulong).<br><br>Sa ikatlong *column,* isulat kung anong mga challenges ang maaaring maranasan bago, habang at pagkatapos ng pamamahagi ng relief goods sa panahon ng kalamidad. | |
| 16. Imbentaryo ng mga natanggap o nakuhang pagsasanay ng mga miyembro ng BDRRMC | Sa unang *column,* nakalagay ang mga kinakailangang matanggap na pagsasanay o oryentasyon ng mga miyembro ng BDRRMC. Kung sa kasalukuyan ay hindi pa nila ito natatanggap, kinakailangang maisama nila ito sa plano. Dapat kung anong nakasulat na pagsasanay table 16, ay iyon rin ang nakalagay sa plano. | Listo si Kap |

| **Bahagi** (Component) | **Pagsasalarawan ng Proseso** (Process Description) | **Sanggunian** (Reference/Data Source) |
|---|---|---|
| | Kung ang nakalista sa table ay natanggap na ng miyembro, kumpletuhin ang pag-fill-out ng table hanggang sa ika-anim na *column*.<br><br>Sa ika-pitong *column,* isulat ang pangalan ng tao o representate ng sektor na dumalo sa pagsasanay. | Listo si Kap |
| 17. Imbentaryo ng mga kagamitan sa pag-responde sa panahon ng kalamidad o disaster | Sa ikalawang column, lagyan ng tsek (√) kung ang kagamitan na nabanggit ay meron na sa barangay at ito ay functional. Kung wala naman, lagyan ng ekis (x).<br><br>Para sa mga kagamitang wala pa sa barangay, kinakailangang maisama ang mga ito sa plano (BDRRMP/AIP) upang bilhin. Dapat naka-*itemize* o nakasulat ang bawat kagamitan ayon sa nakalagay sa template.<br><br>Ang chainsaw ay optional, puwede itong bilhin o hindi, depende sa pangangailangan ng barangay.<br><br>Sa ikatlong column, isulat ang bilang o dami ng kagamitan na paga-ari ng barangay.<br><br>Sa ikaapat na column, isulat kung saan ito nakalagak o matatagpuan na lugar.<br><br>Sa ikalimang column, isulat kung ano ang kasaluyang katayuan nito (kung ito ay sira o nangangailanganng ipaayos, hiniram ng ibang barangay at iba pa) | Listo si Kap |
| 18. Sistema ng Agarang Babala sa Pamayanan o Barangay (Community-Based EWS For Natural, Human Induced, Conflict and Health Hazards) | Ang Sistema ng Agarang Babala o Early Warning System na gagawin ng barangay ay naka-ayon sa priority hazard o pangunahing peligro/panganib na lumabas sa Annex B. Sa bawat peligro o panganib *(hazard),* kailangang magkakaiba ang Early Warning System (*hazard specific*). Kailangan ring nako-*coordinate* ito sa siyudad o munisipyo o sa katabing barangay. Kailangan ring alam ng paaralan na nasa loob ng barangay ang ginawang Early Warning System.<br><br>Tingnan sa Annex G ang mga halimbawa ng Early Warning System sa antas ng barangay. | |

## IV. LEGAL NA BATAYAN NG BDRRM PLAN

Nakalista rito ang lahat ng mga polisiya at iba pang batayan ng BDRRM Plan mula sa pambansa at sa lokal na pamahalaan pati ng iba pang ahensya. Isulat ang iba pang mga polisiya at batayan na ginawa ng barangay na hindi napabilang sa nakalista.

## V. KABUUANG PROGRAMA NG BDRRM

**Proseso ng pagtukoy ng mga programa, proyekto at gawain sa BDRRM**

Bago matukoy ang mga programa, proyekto o gawain na ilalagay sa BDRRM Plan ay kinakailangang balikan muna ang mga naisagawang resulta ng *Risk Asessment* na makikita sa mga naunang bahagi ng plano.

Narito ang mungkahing proseso o paraan sa pag-*prioritize* ng mga programa, proyekto at gawain:

1. Kasama ang mga miyembro ng komunidad, muling balikan ang mga resulta ng isinagawang pagtukoy sa mga panganib na maaring maranasan, bulnerabilidad, at kapasidad o kalakasan ng komunidad.


2. Ilista ang lahat ng mga natukoy na kapasidad at bulnerabilidad gamit ang *template* sa ibaba.

**Pagbubuo (pagsusuma) ng mga resulta ng Participatory/Community Risk Assessment**

| **Kategorya** | **Kapasidad** (Balikan ang Bahagi III. Participatory Risk Assessment, Bilang 4. Kapasidad o Kalakasan ng Barangay) | **Bulnerabilidad** (Balikan ang Bahagi III. Participatory Risk Assessment, Bilang 3. Bulnerabilidad o Kahinaan ng Barangay) |
|---|---|---|
| Pisikal at Materyal | | |
| Sosyal at Organisasyonal | | |
| Aktitudinal / Motibasyonal | | |

Mga Kagamitan:
- Metacards
- Manila Paper / Easel Paper

3. Mula sa mga nailista, tukuyin ang pangunahing bulnerabilidad na nais tugunan ng komunidad. Maaring isagawa ang mga mungkahing tools, tulad ng *Dot Voting* o *Pairwise Ranking* na makikita sa ibaba:



**Option 1: Dot-Voting (tool)**

Ang *Dot-Voting* ay isang simpleng pamamaraan upang matukoy ang mga pangunahing bulnerabilidad na nais tugunan ng komunidad, at magiging batayan sa pagtukoy ng mga programa, proyekto, at gawain para sa DRRM.

Mga kagamitan:
- Sticker dots
- Pentel pen / marker (alternative)

Sa *Dot-Voting,* ang bawat indibidwal ay bibigyan ng mga *dots* (maaring tukuyin ng tagapagpadaloy kung ilang *dots* ang ibibigay).

Bago simulan ang pagboto, mahalagang maipaliwanag sa komunidad ang kahalagahan at layunin ng gawain.

Para sa mga miyembro ng komunidad na may kapansanan, maaring magtukoy ang tagapagpadaloy ng isang tagalahok na tutulong sa kanyang pagboto.

Matapos ang pagpapaliwanag at kung ang lahat ay mayroon ng *dots*, maaring bigyan ng ilang minuto ang mga kalahok upang pag-isipan ang gagawing botohan bago simulan ang pagdidikit sa mga metacards.

***Rank-Ordering Example***

**Sample of Rank-Ordering Issues: From the First International Convocation, Houston 2009**

| Issue ID | Violence (V) | Balancing (B) | Poverty (P) | Restricted roles (RD) | Healthcare (H) | Empowerment (EM) | Education (ED) | Reproductive (RP) | Aging (A) | TOTAL | Rank |
